Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 8-13

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG HULYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 173-T'99

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 35-T'99/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO BLG. 01-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE NA INILILIPAT ANG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) NA BABAWASIN MULA SA PONDONG NAKALAAN SA GASTOS SA SEMINAR (P15,000.00) NA NASA MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN UPANG IPAMBAYAD SA TAUNANG BUTAW NG PAMBAYANG LIGA NG MGA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 35-T'99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T'99 ng Sangguniang Brgy. ng San Jose na naglalayong makapaglipat at makapaglaan ng pondo ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T**, ang naturang paglilipat ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

**SAPAGKA'T**, ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T**, anuman ang iba pang gawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapapanagutan ito ng Sang. Brgy. ng San Jose;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kahrap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 35-T'99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T'99 ng Sang. Brgy. ng San Jose na inililipat ang halagang P2,000.00 na babawasin mula sa Pondong nakalaan sa gastos sa Seminar (P15,000.00) na nasa Mentinansya at iba pang gugulin upang ipambayad sa Taunang Butaw ng Pambayang Liga ng mga barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Brgy. ng San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

...UNIANG BAYAN ...
8/13
CRUZ, LAGUNA